VLADIMEIR B. GONZALES

# #ingrata at si Mary Jane Veloso: Mga Bakas ng Trolling sa Spreadable Media

**ABSTRAK**

Binabasa ng papel ang aktibidad sa social media kaugnay ng reprieve kay Mary Jane Fiesta Veloso, isang Overseas Filipino Worker na nakulong sa Indonesia noong 2010 at itinakdang bitayin noong 29 Abril 2015. Partikular na papansinin ang pagsulpot ng hashtag na "ingrata" na ikinakabit kay Mary Jane at sa kaniyang pamilya pagkatapos silang magpahayag ng mga puna sa administrasyon ni Pangulong Benigno Aquino III, kaugnay ng ambag niya sa reprieve na iginawad ni Pangulong Joko Widodo ng Indonesia kay Mary Jane. Tatalakayin sa papel ang mga pananaw kaugnay sa spreadable media, gayon din ang ugat at mga katangian ng trolling. Susuri ng tweets gamit ang computer-aided social media analytics upang mailarawan ang mga mekanismo at politika sa pagkakahon sa pamilya Veloso bilang "ingrata" o walang utang na loob.

**Mga Susing Salita:** Social Media, Wika at Kultura (Language and Culture), Spreadable Media, Computer-aided Analysis, Mary Jane Veloso, Wika at Pulitika (Language and Politics).

***ABSTRACT***

*The paper proposes a reading of social media entries related to Mary Jane Fiesta Veloso--an Overseas Filipino Worker who was arrested for alleged drug trafficking in Indonesia on April 2010, and was granted a reprieve from execution on 29 April 2015. The paper uses concepts drawn from Gabriella Cole's study on trolling and Henry Jenkins' notion of spreadable media to interpret the shift in social media response to Veloso's reprieve—from the initial tweets and other entries of support to statements of hate marked by "ingrata" and other related hashtags. Computer-aided social media analytics was also featured as tools for mapping patterns in social media trends that can be useful in understanding the culture of trolling and social media in a particular issue, political administration, and/or society.*

***Keywords:*** *Social Media, Language and Culture, Computer-aided Analysis, Mary Jane Veloso, Language and Politics*

## SI MARY JANE VELOSO AT ANG #INGRATA

Ginagamit ang hashtag bilang grupo ng clickable na characters o impormasyong magdadala sa isang Internet user patungo sa lahat ng social media entry na gumagamit ng parehong grupo ng characters. Napangungunahan ng simbolong "#" o pound/number sign ang anumang grupo ng impormasyong nakadisenyo para maging isang hashtag. Ang ganitong paraan ng linking o pag-uugnay ay napasimulan ni Chris Messina noong 2007 bilang proposal sa users ng social media platform na *Twitter*, upang mapadali ang paglilista at pagbabasa ng mga entry o tweet na nasa parehong linya o saklaw ng nilalaman. Dahil ang format ng *Twitter* ay pagpapakita lamang ng tweets mula sa mga user na sinusundan o bahagi ng "following" list ng isang user, makakatulong ang hashtag para makahanap ng mga paksang nais hanapin mula sa public tweets ng ibang users na hindi kasama sa "following" list ng gumagamit. Ipinadron ni Messina ang pagbuo ng hashtag mula sa mas naunang medium na *Internet Relay Chat* o IRC (Shapp 3-4).

May mahalagang papel ang paggamit ng hashtag, *Twitter* at social media sa karanasan ni Mary Jane Fiesta Veloso, dating domestic worker sa Dubai, at sa kaniyang pamilya.

Noong 1 Enero 2010, pagkalipas lamang ng sampung buwan ng pagtatrabaho sa Dubai, umuwi sa Pilipinas si Veloso dahil sa tangkang panggagahasa ng kaniyang employer. Noong 18 Abril 2010 naman inalok si Veloso ni Maria Kristina "Tintin" Sergio para magtrabaho sa Malaysia, isang prosesong dumaan sa illegal recruitment. Pagdating ni Veloso sa Indonesia noong 25 Abril 2010, hinuli siya ng Customs and Excise Authorities ng nasabing bansa dahil sa diumano'y 2.6 kilong heroin na nakatago sa kaniyang bagahe (Macas).

Naging maingay ang kaso ni Veloso paglipas ng limang taon dahil sa nakatakdang parusa na firing squad noong 29 Abril 2015. Sa kampanya para mailigtas si Veloso mula sa bitay, ginamit ang mga social media platform gaya ng *Twitter* para magpahayag ng mga mensahe ng suporta at panawagan ng pagpapalaya. Sinimulan ang kampanyang may hashtag na "SaveMaryJaneVeloso" noong Marso 2015 sa pamamagitan ng *Twitter*, kaakibat ng mga kilos-protestang pinasimunuan ng grupong *Migrante*. Ang #SaveMaryJaneVeloso ay lalong napalaganap sa tulong ng *Promotion of Church People's Response* at ng iba pang mga grupo sa ilalim ng *Church Task Force to Save the Life of Mary Jane Veloso*. Nagkaroon ng pandaigdigang apela gamit ang nasabing hashtag na ipinadaan sa petition Website na *Move.ph*. Nagkaroon din ito ng bersiyon sa France at Indonesia, at naging instrumento para sa iba pang mga online na kampanya at petisyon. Noong 29 Abril 2015, sa pagbibigay ng pansamantalang reprieve mula sa pangulo ng Indonesia na si Joko Widodo, hindi natuloy ang pagbitay kay Veloso at kumalat naman ang hashtag na #MaryJaneLives (Tupaz).

Ang hashtag na may sentimiyentong nagdiriwang at nakikiisa ay agad na magbabago sa paglipas ng ilang araw, sa paghahayag ng pamilya Veloso ng naging mga karanasan nila bago maibigay ang reprieve.

Sa programang *State of the Nation,* nakapanayam ni Jessica Sojo si Maritess Veloso-Laurente, nakakatandang kapatid ni Mary Jane, ilang minuto pagkalipas ng reprieve. Ayon kay Maritess, pinigilan ng Department of Foreign Affairs na makipag-ugnayan nang mas maaga sa media ang Pamilya Veloso kaya hindi agad nabalitaan ang kaso ni Mary Jane.

Tapos sinasabi pa nila, 'Baka mamaya yung kapatid niyo doon mapahamak.' So ano pong iisipin namin? Mananahimik na lang kami kasi ayaw naming mapahamak si Mary Jane o kahit na sino pa man sa amin. (GMA News Online)

Noong 30 Abril 2015, nagbigay din ng pahayag sa isang press briefing sa Quezon City si Celia Veloso, ang ina ni Mary Jane. Sa kaniyang pahayag, sinasabi niyang hindi totoong sa tulong ng gobyerno ng Pilipinas naitulak ang reprieve ng kaniyang anak, at maraming sisingilin ang Pamilya Veloso sa pamahalaan sa kanilang pagbalik sa Pilipinas. Sa pahayag ni Celia Veloso, hindi pamahalaan ang pangunahing pumigil sa bitay ni Mary Jane. Aniya, "sabi nila sa kanila nanggaling kung bakit hindi natuloy ang bitay ng anak ko. Hindi totoo 'yon" (Corrales).

Sa artikulong "Netizens tag Veloso family ungrateful for slamming Aquino gov't" ng *Philippine Daily Inquirer*, natipon ang ilan sa mga pangunahing reaksiyon ng ilang mga taong may social media account. Sa mga natipong puna, lumalabas ang pagtingin sa pamilya Veloso bilang nakakadismaya at mga walang utang na loob. Makikita ito sa unang siniping komento mula sa isang taong may username na Stewart Sotto.

"Nawala simpatya ko sa Pamilyang ito, imbes magpasalamat sa lahat nakuha pang magpagamit sa Migrante na alam naman ng lahat na may pansariling interes..tsktsk #ItuloyAngBitay #IsamaSiNanay." (Inquirer.net)

Sa isa pang artikulo ng *Philippine Daily Inquirer* na pinamagatang "Netizens: #Firing squad for Celia Veloso," ibinahagi kung paano mula sa mga naunang pahayag ng suporta sa social media ay nagpaulan ng batikos ang "netizens" bilang reaksiyon sa mga pahayag ng Pamilya Veloso kaugnay sa tulong na ibinigay ng pamahalaan ng Pilipinas. Ayon sa artikulo, may "utter lack of appreciation" o matinding kawalan ng utang na loob ang pamilya Veloso sa pangulo ng Pilipinas at sa pamunuang tumulong para sa reprieve ni Mary Jane. Kaya naman sa *Twitter* ay bumagyo ng mga marahas na komento laban sa pamilya Veloso, at mula sa #SaveMaryJane ay napalitan ang mga hashtag ng #BitayinNaYan at #FiringSquadforCeliaVeloso. Mula rin dito sa artikulong nakabalangkas sa sinasabing "utter lack of appreciation" ay susulpot ang salitang "ingrata" mula sa dalawang siniping

halimbawa—isa bilang bahagi ng tweet, at isa bilang opisyal na hashtag: "Kapal lang.. ingrata" ayon kay @jpas27, at ""Pakshet na! #ingrata" mula naman kay @jhetcv66.

## PAG-USISA SA KONSEPTO NG "TROLLING"

Sa artikulong "A Brief History of Trolls," iniuugat ang salitang "troll" para sa isang Internet user na gumagamit ng mapanggulo o mapang-asar na pananalita o gawain sa kaniyang online na presensiya. Ang nasabing "trollers" ay regular na pumupuno sa comments section o alinmang espasyong pinaglalaanan ng online na diskusyon, naglalagay ng mga puna na wala sa lohika, non-sequitur, at madalas na gumagamit ng peke o nakatagong identidad. May intensiyon na magtawid ng berbal na pandarahas ang troll, na nagagawa sa iba-ibang paraan. Ang mga taktikang ginagamit ay intensiyonal at may inaasahang epekto ng pananakit sa damdamin o/at disposisyon ng mga makakabasa. Mas madalas na naikakabit ang mga atake sa mga online na espasyo. Kung may epektong nakasakit o nakapinsala para sa Internet user na nakaranas nito ay may antas ng tagumpay ang atake at puwedeng pahiwatigan bilang trolling (Phillips).

Panloloko at pang-iistorbo ang ugat ng trolling. Sa mga pinakaunang bakas nito, ikinakabit ang tatak na "troll" sa hacker underground sa Amerika noong 1980s at 1990s, maging sa "phone phreaks" noong 1970s o iyong mga taong nakakakonekta sa mga linya ng telepono para kumuha ng impormasyon at manloko ng iba pang mga tao. Isa sa mga pinakasikat na panlolokong ito ay ang telephone prank na nangyari sa Santa Barbara, California noong 1974, kung saan ang lahat ng tawag sa telepono ay nailipat sa isang prank caller na nagpapanggap bilang emergency worker. Kinumbinsi ng pekeng emergency worker ang mga tumatawag na may nuclear explosion sa kanilang lugar at nasira ang lahat ng linya ng telepono (Coleman 36). Ang grupong Hagis o "Hackers against Geeks in Snowsuits" naman ay isang grupong nakabase sa Canada at binansagang "troll" dahil sa malawakang atakeng isinagawa nito kay Jay Dyson, isang white hat hacker o eskperto sa online security. Sinira ng Hagis ang Internet connection ni Dyson at binura ang lahat ng files niya, at gamit ang hacked e-mail account ay pinaulanan ang asawa ni Dyson ng maraming panakot na mensahe bilang paniningil sa mga kasalanan ni Dyson sa Hagis (37). Noong 2006 naman, lumaganap ang mga user na may pangalang "Anonymous" sa Website na 4chan, at naging popular sila sa pagsasagawa ng "troll raids." Isa sa mga pinakasikat na troll raid na ginawa ng Anonymous ay ang atake sa dalagang gumamit ng username na Jessi Slaughter. Bilang tugon sa pagkutya ni Jessi Slaughter sa mga tumatangkilik sa 4chan, isinapubliko ng Anonymous ang telephone number at address ni Slaughter at maging ang *Twitter* username nito. Pinaulanan si Jessi Slaughter ng hate e-mails at prank calls, at ginawa ring katatawanan ang pag-video ni Jessi Slaughter sa sarili habang ihinahayag ang epekto ng atakeng ito sa kaniya. Makikita sa mga halimbawa na bukod sa pagtatago ng tunay na identidad, ang malinaw na katangiang taglay ng sinaunang troll ay

ang malawakang atakeng nakadirekta sa pagsasapubliko ng mga impormasyong pribado. Mula sa isinapublikong impormasyon, nagiging mas lantad para sa iba pang anyo ng atake ang target ng mga nasabing troll (44).

Sa papel na *Practical Steps for Dealing With Government Shills in The Internet*, tinatawag din ang troll bilang "shill" na katumbas ng "stooge" o isang taong sumusuporta o dumidepensa sa isang tao o organisasyon nang hindi ihinahayag na may malapit silang ugnayan ng nasabing tao o organisasyon. Ang "Internet shills" na ito ay pinopondohan ng Estados Unidos at ng iba pang mga pamahalaang may sapat na pera upang makaimpluwensiya ng mga pambansa o pandaigdigang naratibo. Humaharap sa mga comment section at sa iba pang mga online na espasyo ang isang troll o shill, na nagpapanggap bilang isang Internet user na napadaan lang o di sinasadyang nakabalita ng isang isyu at nagbibigay ng opinyon, pero may adyenda siya na baguhin ang usapan patungo sa direksiyong malayo mula sa orihinal na pinagtatalunang isyu. May dalang panganib ang isang troll o shill lalo doon sa mga taong kaunti ang access sa mainstream na daluyan ng impormasyon, at may layunin ng pagpatda sa mga kasalungat na opinyon (Israel). Sa artikulong "From games to social media: The evolution of trolls," may tatlong klasipikasyon ng isang troll: 1. Real troll, o ang troll na naniniwala sa adbokasiyang isinusulong at may personal na account na ginagamit para mang-istorbo ng iba; 2. Paid troll, na maaaring naniniwala sa adbokasiyang isinusulong o hindi, basta may bayad ay kikilos; 3. Robot o bot, isang program na awtomatikong sasagot sa mga komento base sa mga tiyak na salita o keyword.

Sa online article na "The Latest From The Aquino Crew And His Trolls," sinasabing may umiiral na mga shill o troll na pinopondohan ng Malacañang, partikular sa kaso ni Mary Jane Veloso. Pinupuntirya ng mga nasabing troll ang mga online account na kinokontra ang pahayag na Malacañang ang pangunahing tagapagpaganap ng reprieve ni Mary Jane. Itinataya din ng artikulo na ang trolling attack na ito ay isang "dry-run" para sa malawakang trolling operations na isasagawa sa Eleksyon 2016. Bilang patunay, binanggit ng artikulo ang pagdami ng anonymous social media accounts na naglilista ng mga magkakatulad na punto: 1. Pag-post ng mga meme na may larawan ni Pangulong Aquino at may kasamang caption na "I am proud of my president;" 2. Ang pagbansag sa pamilya Veloso bilang "ingrata" at ang panawagang ipapatay sila; 3. Ang pagdidiin sa pahayag ni Tony Spontana na instrumental ang presensiya ni Aquino sa pagbibigay ng reprieve; 4. Binayaran ng mga grupong kontra-pamahalaan at mga komunista ang pamilya Veloso para sisihin si Aquino sa kaso ni Mary Jane. Bagaman hindi pinapangalanan ng artikulo ang kaukulang IT experts at pinagmulan nito, mababasa naman sa artikulong "Palace accused of paying for 'cyber trolls'" ng ABS-CBN News ang sinasabing "black budget" ng Tanggapan ng Pangulo. Sa artikulo, binabanggit ang interogasyon ni Kabataan Partylist Representative Terry Ridon kaugnay ng nasabing black budget, na hindi dumadaan sa inspeksiyon ng Commission on Audit at hindi rin ipinagbibigay-alam sa kanilang mga mambabatas. Ayon kay Ridon, ang black budget ay may bahaging tinatawag na "intelligence funds," pondong pinapagamit sa

mga pagkalap ng impormasyong may kaugnayan sa pambansang seguridad. Ang pondo ay inaaprobahan ng Tanggapan ng Pangulo, na siya ring nakakaalam sa kung paano at saan ginagamit ang mga inaprobahang pondo. Itinataya ni Ridon na ginagamit ang pondong ito para sa "cyber trolls" na sumusuporta sa Administrasyong Aquino.




Pigura 1. Pinansin ni Ilang-Ilang Quijano ang pagkabit sa Migrante sa tatak na "komunista."

Sa artikulong "#FiringSquadforCeliaVeloso: New low for PH journalism" ni Ilang-Ilang Quijano, kapwa niya pinuna ang "sensationalist bent" na maaaring pinalalaganap ng isang mainstream na pahayagan tulad ng *Philippine Daily Inquirer* o PDI, gayon din ang integridad ng tatak na "netizens" bilang tatak para sa mga nagbibigay ng negatibong komentaryo sa Pamilya Veloso. Binanggit ni Quijano na una nang nagpalabas ang PDI ng maling headline na sinasabing napatay na ng firing squad si Mary Jane Veloso noong 29 Abril 2015, na sinundan naman ng artikulong may headline na "Militants use Velosos in labor protest rallies" noong 2 Mayo 2015—isang artikulong ayon kay Quijano ay may headline na taliwas sa intensiyon ng mismong balita. Bukod dito, binibigyang-diin ni Quijano ang post ni Stewart Sotto, ang unang netizen na sinipi ng PDI sa artikulong "Netizens tag Veloso family ungrateful for slamming Aquino gov't," at ang karagdagang Facebook post ni Stewart Sotto na iniliihis ang isyu ng mga pamilya Veloso patungo sa pagkabit sa grupong *Migrante* bilang mga komunista.


Naging isyu din ni Quijano ang posibilidad na ang mga social media entry na nagpapalaganap ng kontra-Veloso na mga pahayag at hashtag ay mga troll na kinomisyon ng pamahalaan para itampok ang pamilya Veloso sa isang negatibong pagtingin. Mula sa isinagawang random *Twitter* search ni Quijano, nakatagpo siya ng mga *Twitter* user na sa kaniyang pagtataya ay may mga katangiang mala-troll. Ilan sa mga nabanggit na halimbawa ay ang mga *Twitter* user na sina Jmiguel at Dream Pearl:




Pigura 2. Screen capture ng tweet ni JMiguel




Pigura 3. Screen Capture ng Tweet ni JMiguel.




Pigura 4. Screen capture ng tweets ni Dream Pearl.

Pinuna ni Quijano na si JMiguel (JMiguelO) ay hindi gumagamit ng larawang makikita ang kaniyang mukha, tulad din ni Dream Pearl (@lehmargaretjoy) na gumamit lamang ng isang Japanese cartoon bilang profile picture. Nakita rin ni Quijano ang tendensiya ng mga sinipi niyang tweets na iugnay ang kaso ni Mary Jane Veloso sa mga militanteng grupo, na agad namang ikinakabit at ibinabalik sa simpleng pagtatak sa mga ito bilang komunista. Napansin din ni Quijano na ang account ni Dream Pearl ay nasimulan lamang noong Abril 2015 mismo. Bukod sa nakitang posts kaugnay ng pamilya Veloso, nakakita rin si Quijano ng malaking bilang ng posts na may kaugnayan sa pagsira kay Bise Presidente Jejomar Binay. Pinangalanan ni Quijano na "yellow trolls" ang mga ito, tatak para sa mga troll na nagsusulong ng pagpapaangat sa administrasyon ni Pangulong Benigno Aquino, Jr., at pagtuligsa sa mga kalaban o/at kritiko nito.

Isa sa mga nakikita ni Quijano bilang katangian ng troll ay ang kahirapan nitong mapaghiwalay sa ibang gumagamit ng Internet, pero nakikita ni Quijano na maaaring makaimpluwensiya ang troll sa opinyon at pagpapasiya ng

isang ordinaryong Internet user. Ginamit ding batayan ni Quijano sa pagtukoy ng mga troll ang mga katangiang nabanggit sa papel na *Practical Steps for Dealing With Government Shills in The Internet*, na may inilistang pitong katangian ng Internet troll o shill: 1. Kawalan ng makikilalang pansariling larawan at personal na impormasyon sa mga profile; 2. Gumagamit ng marahas na pananalita tulad ng mga pahayag na may bahid ng rasismo at iba pang personal na atake upang magpatigil ng diskusyon; 3. Tinatangkang magpalabas ng mga tugon na may bahid ng galit; 4. May mga di-lohikal na bintang o akusasyon; 5. May mga argumentong hindi tugma sa datos na nakapaligid sa isyu; 6. Nag-uulit-ulit ng datos na sa unang tingin ay parang totoo pero may posibilidad na wala palang basehan kapag sinaliksik na; 7. May pakiramdam ng "overkill" dahil halos palaging hindi iisang beses magpuno ng mga puna.

Pinupuna ni Quijano ang sinasabi niyang mga troll nang may pagdidiin sa tendensiya ng mainstream media outlets katulad ng PDI na hubugin sa isang malisyosong direksiyon ang pampublikong opinyon. Para kay Quijano, imbes na ipagpatuloy ang pagkakaisang napasimulan sa kampanya ng #SaveMaryJaneVeloso ay nagiging ugat pa ng pagkakahati-hati ang mainstream media. Ang ganitong paghahati-hati ay binabansagan sa papel na *Practical Steps for Dealing With Government Shills in The Internet* bilang "divide et impera" o "divide and conquer," isang epekto na malay man o hindi ay naisasagawa ng isang shill o troll.

### ETIKA SA SOCIAL MEDIA BILANG BATIS NG PAGSUSURI AT ANG *TWITTER* BILANG SPREADABLE MEDIA

Maaaring tingnan ang pagtalakay sa #ingrata kaugnay ng kaso ni Mary Jane Veloso bilang sensitibo pagkat iniuugat ang mga pahayag mula sa iba't ibang social media accounts, partikular sa *Twitter*. Sa social media platform na ito, nagtutunggali ang mga bintang at paghahayag ng iba-ibang mga taong may kaniya-kaniyang *Twitter* username. Ang mga nasabing bintang at paghahayag, kung pagbabasehan ang mga nasipi nang mga balita sa *Philippine Daily Inquirer* at *Pinoy Weekly*, ay patungo sa paghubog ng negatibong imahen laban sa mga Veloso. Kapwa kinilala at ginamit ng *Philippine Daily Inquirer* at *Pinoy Weekly* ang mga tiyak na username sa kanilang mga artikulo at itinuring ito bilang batayan at ebidensiya. Hindi ito bago, pagkat kahit sa mundo ng akademya ay tinatrato bilang batis ng impormasyon ang social media sa iba-ibang disiplina sa pananaliksik. Tinalakay ito sa artikulong "Twitter as Public Evidence and the Ethics of Twitter Research," kung saan bagaman may mga disiplina sa pananaliksik na mangangailangan ng mas matinding antas ng pagiging sensitibo—halimbawa sa disiplina ng Pampublikong Kalusugan na may mga pribadong impormasyon sa iba-ibang mga pasyente—may ambag ang paggamit sa *Twitter* bilang balon ng kaalaman sa magkakaibang saliksik lalo pa't nahugot ang impormasyon

mula sa pampublikong post. Nasa estruktura ng *Twitter* ang pagiging bukas sa lahat ng maraming impormasyon—lokasyon, sex at edad, contact information, ang mismong mga entry o *tweets*—na maaaring gawing pribado kung nanaisin. Para sa mga pampublikong post, nakasaad sa Terms of Service ng *Twitter* na agaran at malawakang ikinakalat ang bawat impormasyong isusumite rito. Anumang inilalagay sa*Twitter* ay ginagawang bukas sa mga search engine at sa mga institusyong nagtatala ng kasaysayan, katulad ng US Library of Congress. Sa pananaw ng artikulo, etikal ang paggamit ng impormasyon sa social media kung ang nakuhang impormasyon ay naka-set sa "public" noong sinipi ito.

Samantala, sa artikulong "Is All of Twitter Fair Game for Journalists?" ihinarap ang tendensiya na maging personal na atake imbes na isyung peryodismo ang pagbanggit sa mga sinangguning social media entry bilang batis sa mga balita. Isang naging halimbawa ay ang paggamit ng Weblist site na *Buzzfeed* ng ilang tweets na may kaugnayan sa reklamo ng mga batang Amerikano tungkol sa kanilang mga nakuhang regalo sa pasko. Dahil ang ilan sa tweets ay naihiwalay sa mga kadikit pa nitong entry, nawala ang siniping tweets sa orihinal nitong konteksto at may ilang mga *Twitter* user na naipakita bilang mababaw at walang utang na loob. Nakaranas ang ilang naitampok sa nabanggit na artikulo ng mga marahas at mapanglait na komento mula sa mga mambabasa, mga komentong inilagay sa comments section o sa mismong social media accounts ng mga batang sinipian ng tweets. Bagaman may ganitong tendensiya, may panghihikayat sa artikulo na ipagpatuloy na siyasatin ang hangganan ng pribado at publiko sa mundo ng social media at pamamahayag. May pagdidiin sa halaga ng "curation" at pagbuo ng tiwala. Magkakaroon ng dalawang katangian nito kung may malay na tangkang siyasatin ang sinisiping entries kaakibat ng iba pang impormasyon, at sa paghaharap sa mga siniping detalye bilang bahagi lamang at hindi ang absolutong tagapagtakda ng katotohanan. May pagpuna rin sa mismong estruktura ng *Twitter*, na ang default setting ay pampubliko, hindi gaya ng mga social media site na *Youtube* at *Flickr* na may agarang opsiyon na gawing pribado ang bawat post. Nakapribado man o pampubliko, ang kasalukuyang social media platforms ay nakahulma sa estrukturang nakadisenyo para mag-ugnay at magpakalat ng impormasyon sa mabilisan at malawakang paraan, sa tulong ng Internet.

Ginagamit nina Henry Jenkins, Sam Ford at Joshua Green ang modelo ng "spreadability" para ipaliwanag ang kakayahan at potensiyal ng *Twitter* at ng iba pang aplikasyon sa social media. Sa librong *Spreadable Media Creating Value and Meaning in a Networked Culture*, inilalarawan nila ang spreadability bilang mga teknikal na katangian at daluyang nagpapadali sa sirkulasyon ng impormasyon gamit ang umiiral na anyong media, nang may pagdidiin sa kakayahan ng tagakonsumo na maging tagagawa rin ng mga bagong anyo at kahulugan(4). Sa pinakamadaling paliwanag, masasabing spreadable ang isang anyong media kung malawakan at agaran itong naibabahagi, at may maluwag na puwang sa tagagamit nito na baguhin ang anyo at nilalaman nang naaayon sa kaniyang nais.

Iniuugnay ang pagteteorya hinggil sa spreadability sa mga teoryang may kaugnayan sa "stickiness" at "virality," bagaman iniuugnay ang spreadability nang may pagtatangkang palitawin ang pagiging iba nito. Ikinakabit ang ideya ng stickiness sa mundo ng marketing, na ang buod ay papunta sa kakayahan ng isang anyong media na hulihin at panatilihin ang atensiyon at pagtangkilik ng target audience nito (5). Mas diin ng isang stickiness model ang pagtrato sa indibidwal bilang pasibong tagatanggap, ang pagsiguro na limitado ang daluyan ng impormasyon, at pagbibigay ng limitadong kakayahan sa tagatanggap ng impormasyon. Ang modelong nakaangkla sa spreadability ay modelong nakaangkla sa kolaborasyon, kalayaan sa pagbibigay ng alternatibong anyo at nilalaman, at pagkilala sa papel ng indibidwal na magkahalong tagalikha at tagatanggap (5-7).

Ang *Twitter*, bilang isang social media platform, ay isang anyong may mataas na potensiyal para sa spreadability. Maaaring isapubliko ang mga entry sa *Twitter*, may mabilisang pag-uugnay at pagkakalat ng impormasyon sa pamamagitan ng contacts, likes at retweets, at may kakayahang maglagay ng mga puna sa mga siniping retweet at magbigay ng kontra-punto sa pamamagitan ng mga reply. Sa kabilang banda, maaaring gamitan ng hashtag ang mga entry sa *Twitter*, kung saan ang paglaganap ng nilalaman ay maisesentro at matitipon sa tulong ng isang keyword na nilalakipan ng isang pound sign.

Negatibo ang ugat ng konseptong "viral." Ikinakabit ito sa impeksiyon at pagkakaroon ng sakit, at ipinapalagay na maaaring makahawa kahit na sa pinakamatino at pinakamatalinong indibidwal. Binanggit sa saliksik nina Jenkins, Ford at Green ang potensiyal ng mga media event bilang virus, pagkat kumakalat ito nang walang kamalayan at pahintulot sa mga makakatanggap, nakakapangloko ng iba na ikalat ito sa iba pa nilang mga kakilala, para magpatubo at makapagpalaganap ng "mass hysteria" o malawakang pagkabaliw (17-18). Sa teorya ng spreadability, bagaman may pahamak na ang bungkos ng impormasyon ay may nakatagong sakit—isang kontaminadong adbokasiya o isang lihim na adyenda—may pagtitiwala sa kakayahan ng isang aktibong tagabasa at tagaproseso ng impormasyon. Binibigyan ng puwang sa teorya ng spreadability ang kapasidad ng gumagamit ng social media platforms na maghimay at magkalat ng impormasyon na maaaring nakalihis na sa pinag-ugatan nitong intensiyon (21). Sa teorya ng spreadability, kung may intensiyon man ang #ingrata na patungo sa pagbuo ng negatibong imahen ng mga Veloso, may puwang para sa pagbaklas ng intensiyong ito.  Puwang sa pagbaklas hanggang sa mabaligtad ang orihinal na intensiyon at makabuo ng panibagong kahulugan.

Kailangan lamang na magkaroon ng isang siyentipikong paraan para makalap ang pampublikong mga tweet na gumamit ng #ingrata na nasa konteksto ng reprieve at pagbatikos kay Mary Jane at sa kaniyang pamilya. Kung magiging masinop ang pagkalap ng impormasyon--kaakibat ng oryentasyong ang mga nasabing tweet ay maaaring nabura na, inilagay sa private setting, at may mga interaksiyon at ugnayang kailangan ding itampok at suriin—magkakaroon ng bulto ng impormasyon na maaaring iproseso at sipatin para sa mga naitala nang katangian ng trolling.

**PAGHIHIMAY SA #INGRATA**

Sa pag-aaral ni Allison Shapp, nakatukoy na siya ng magkakaibang gamit sa wika sa paglalahok ng hashtags. Maaaring ihanay ang hashtag sa dalawang malaking kategorya: 1. ang "tag" hashtag; 2. at "commentary" hashtag. Sa tag hashtag, simpleng instrumento ang hashtag para magtakda ng isang bungkos ng clickable characters na pumapatungkol sa isang shared na paksa o usapin, katulad ng #Halalan2016 o #Yolanda na pag ginamit ay magkokolekta ng entries na may kaugnayan sa eleksiyon ng 2016 at sa bagyong Yolanda. Sa commentary hashtag, may kasama nang opinyon, ebalwasyon, o/at pagtatasa ang nagawang hashtag (4-5).

May syntactic na pagkakaiba din ang paggamit ng hashtags—maaaring may "syntactic inclusion," o maging kabahagi ng pangungusap ang hashtag; "syntactic exclusion" naman kung nakalabas sa pangungusap ang hashtag (6-10). Halimbawa, may syntactic inclusion ang pangungusap na "Excited na ba kayo sa #Halalan2016?" samantalang syntactic exclusion naman ang katangian ng "Maaaring mag-donate sa UP Tacloban mula Martes hanggang Biyernes. #Yolanda."

Isa rin sa materyal na puwedeng suriin ay ang konstruksiyon ng mismong hashtags. Maaari itong magkaroon ng hashtags na nasa yunit ng salita, parirala, at pangungusap, at maaaring gamitin kasama ng iba pang hashtags sa iisang tweet o entry. Ilan lamang ito sa mga varyasyon na maaaring tukuyin at suriin mula sa matutukoy na *Twitter* entry sa papel na ito.

Ang #ingrata, halimbawa, ay isa sa mga hashtag na nabanggit sa parehong artikulo ng PDI at ni Quijano. Ito ay hashtag na nasa anyo ng commentary at nasa yunit ng salita (hindi ito parirala o pangungusap). Kung makakalap ang mga kaugnay na public tweet mula katapusan ng Abril hanggang umpisa ng Mayo 2015, magiging mas komprehensibo ang magiging pagsusuri sa iba-ibang mahuhugot na paghahayag. Kung makakakita ng mga katangian ng trolling mula sa mga gumamit ng #ingrata, makakakita rin ng ibang posibleng kaugnay na hashtags kasabay ng pagsusuri sa magkakaibang gamit ng wika sa platapormang ito.

Upang makatulong sa pagtukoy at pagsusuri ng public tweets, maaaring gumamit ng online tools na may kakayahan sa social media analytics. Ito ang computer-aided tools na may kakayahang magbigay ng impormasyon tungkol sa mga partikular na hashtag—dami ng gumagamit, heograpiya ng mga gumagamit, sex, dami ng reposts at favorites o likes, ang mismong public tweets na gumamit ng hashtag na hinahanap. Para sa papel na ito, ginamit ang social media analytics tool ng *Topsy.com*, isang Website na nagbibigay ng libreng pagsusuri sa mga hashtag na maaaring ilimita sa *Twitter* lamang, at may kakayahang tumukoy ng partikular na range sa panahon ng entries na maaaring suriin, bukod pa sa kung sino-sino ang mga naunang banggit sa mga partikular na hashtag na hinahanap. Ilan pa sa

mga posibleng gamiting Websites ay ang *Tweetchup.com* at *Keyhole.co*[1]. Pinili lamang ang Topsy dahil may limitasyon sa oras ang ibang serbisyo kaya hindi maaaring ma-track ang hashtags na lampas isang linggo ang layo mula sa itinakdang search date.

Ipinasok ang #ingrata sa search engine ng *Topsy*, at tiningnan ang entries ayon sa oldest to newest mula 20 Abril hanggang 20 Mayo 2015. Tiningnan din ang mga resulta ayon sa relevance, o ang mga entry na may pinakamaraming replies o mentions, at reposts o retweets.

Sa tulong ng analytics ng *Topsy.com*, lumalabas na ang unang gumamit ng #ingrata sa Pilipinas na nasa konteksto ng pamilya Veloso ay ang *Twitter* user na si Renz Christian (itsrenzyboi) noong 30 Abril 2015, 7:28 ng gabi, na sinagot naman ni Teresita T. Reyes (TeresitaTReyes):




Pigura 5. Screen capture ng tweet ni Renz Christian, na na-trace bilang unang tweet na may opisyal na hashtag na "ingrata." Makikita rin ang reply ni Teresita T. Reyes.

Habang may larawan ng mukha ang user na si Renz Christian, hindi naman makikitaan ng pisikal na pagkakakilanlan sa larawan ni Teresita T. Reyes na gumagamit lamang ng profile picture na nag-eendoso kina Mar Roxas at Leni Robredo para sa Eleksiyon 2016. Gaya ng mga naitala ni Quijano tungkol sa trolls, ikinakabit ni Teresita T. Reyes ang pagiging ingrata sa tatak na "militante," isang pasaring na maaaring iniimpluwensiyahan ng mga grupong katulad ng *Migrante* ang mga sumunod na hakbang ng pamilya Veloso. May serye din ng tweets si Teresita T. Reyes na naipasok nang magkakasunod noong 1 Mayo 2015, 12:26 ng umaga, mula "#ingrata" patungong "#ingrata si Celia" at "#ingrata ang mga Veloso." Mahalagang banggitin na mula sa entries ay may mapapansin nang mga taktika na maikakabit sa trolling—ang pag-uulit-ulit ng hashtag sa mabilis na antas, at ang pagpapalit ng paksang pinag-uusapan gaya ng kay Mary Jane patungo sa mga militante. Sa antas ng wika, gumagamit ang serye ng tweets ng syntactic inclusion sa paglakip ng #ingrata.

Samantala, si Renz Christian naman ay gumamit ng tatlong hashtags--#ingrata, #MaryJane, at #kapalmuks. May syntactic inclusion ang #Maryjane na maaaring magsilbi bilang tag

hashtag, samantalang syntactic exclusion naman ang pag-aayos sa commentary hashtags na #ingrata at #kapalmuks. Hindi bahagi ng pangungusap ang dalawang huling hashtag ngunit nagbibigay ito ng negatibong puna sa pamilya ni Mary Jane habang iniaangat naman ang pangalan ni Aquino.

Ang sumunod na naitalang gumamit ng #ingrata ay si CJ Meilou Sirena (MeilouSirena). Gaya ni Teresita T. Reyes, hindi tumutukoy sa isang tiyak na tao ang account. Sa halip, inilalarawan ng user ang sarili bilang "Chief Justice until 2030. Impatience is a virtue. Legal vixen. Forever Fabulous. This is a parody, and yes, it is protected speech. Impeach me if you can" sa kaniyang *Twitter* profile.

Noong 8:24 ng gabi, lumabas ang post na "Tunog Ingrata ang nanay ni Mary Jane. Nasulsulan na ng Militonta." Kapansin-pansin ang paggamit ng salitang "militonta" o ang pagsasanib ng "militante" at ng "tonta." Bukod dito, mapapansin din na kahit ginagamit ni CJ Meilou Sirena ang hashtag na "ingrata" sa parehong konteksto at intensiyon sa gamit nina Renz Christian at Teresita T. Reyes, hindi niya ito ginagamitan ng simbolong "#" at isinasama na lamang nang direkta sa pangungusap. Ganito rin ang nangyari sa kaniyang tweet noong 2 Mayo 2015, kung saan ikinakabit naman niya ang kaso ni Mary Jane Veloso kay Bise Presidente Binay. Sa tweet na may oras na 2:46 ng umaga, sinabing "The only campaign that needs to be pointed out is on how media and militonta ignores the fact that Binay is the OFW czar." Walang simbolong "#" na nangunguna sa salitang "militonta" ngunit kapansin-pansin agad ito dahil sa ito lamang ang Filipino na salitang ginamit sa pangungusap. Wala mang nakalagay na "#" ay nakayanan pa rin ng online tool na makita ito pagkat nasa parehong timeline at tama rin ang baybay ng salita kahit walang nakadikit na "#" sa umpisa.

Minsan, kahit nawawala na ang pinasisimulang hashtag, ginagawan ng paraan ng mga nagpapakalat nito na maibalik ang hashtag sa usapan kahit nagmumukha na itong pilit. Sa pakikipagsagutan ni Renz Christian kay Gluu™ (dating Maki™ at may username na instantmaki), hindi na ginagamit ang salitang "ingrata" sa usapan tungkol sa pagtulong ni Pangulong Aquino sa mga Veloso, pero sa bandang huli ay ibinalik ito bilang salitang kalakip sa pangungusap, na inulit bilang opisyal na hashtag at may simbolong "#" sa unang bahagi ng salita:

| Username | Tweet | Hashtag | Araw at Oras |
|---|---|---|---|
| instantmaki | I don't get it why Veloso's family doesn't have the so called gratitude to our President telling that Pnoy didn't do anything to save MJ. | Wala | 30 Abril 2015, 10:02 ng gabi |
| itsrenzyboi | "@instantmaki i cannot agree more. | Wala | 30 Abril 2015, 10:03 ng gabi |

| | | | |
|---|---|---|---|
| instantmaki | "@itsrenzyboi if it's not the President MJ's life wouldn't be spared. They should remember that the death penalty has been postponed :) | Wala | 30 Abril 2015, 10:09 ng gabi |
| itsrenzyboi | "@instantmaki yup..sana naisip nila that they still need the President ingrata. | Wala, pero ibinalik ang salitang "ingrata" | 30 Abril 2015, 10:13 ng gabi |
| instantmaki | absolutely right what if the Pres didn't do such actions kasalanan pa rin niya ano ba talaga? #ingrata. | #ingrata | 30 Abril 2015, 10:19 ng gabi |

Pigura 6. Twitter exchange nina Renz Christian at Gluu™ noong 30 Abril 2015, mula 10:02 hanggang 10:19 ng gabi.

Ang palitan sa itaas ay sasagutin ni filipinas (v_vangogh) ng "@itsrenzyboi @Xcus3m3 @instantmaki e di mag magda drama uli...pinilit po kami sabihin iyun...wala kming magawa...#ingrata."

Kahit mahahanap naman ang mga susing salita sa isang simpleng *Twitter* search, mas madaling makita at nakakatulong sa pagiging "trending" ng isang hashtag ang paglalagay nito nang may kalakip na pound sign. Kaya naman bukod sa retweets tulad ng ginawa ni Teresita T. Reyes, may mga post na nakadisenyo lamang para magparami ng bilang ng hashtags, nang sa gayon ay mag-trend ito. Halimbawa nito ang tweets nina missjoverz (missjover), na hinuhulaang "Baka magtrend ang #ingrata," at si Froilan Grate (GreenMinds) na tinatanong na kung "Trending na ba ang #ingrata?"

Kapansin-pansin din ang user na si Nicky Cojuangco (NoOtherNicky) dahil sa tangka niyang ipa-trend hindi lamang ang #ingrata kundi ang iba pang mga panibagong hashtag. Sa isang tweet na inilabas niya noong 30 Abril 2015, 11:51 ng gabi, pinagsama-sama niya ang "#NanayVeloso #nakakawalanggana #ingrata #Militonta #migrante #ItuloyAngBitay." Ikinabit ang commentary hashtags sa pangalan ng militanteng grupong *Migrante* na naging tag hashtag (o dahil sa mga kaakibat na commentary hashtags, naging hybrid na tag at commentary ang buong grupo), inulit ang hashtag na #militonta, at nadagdagan ng isang pangungusap na panawagan para ituloy ang bitay. Pagkalipas ng ilang minuto, nanawagan si Nicky Cojuangco na "Ituloy ang execution! #ingrata." Isa sa mga nag-retweet nito ay ang user na si filipinas.

Kaakibat din ng trolling ang pakikipagtalo sa ibang Internet users. Nagkaroon ng Twitter exchange si Nicky Cojuangco kay Tabag Cristina (tinatabagpo), kaugnay ng isa pang tweet ni Nicky Cojuangco na nananawagan kay Widodo na bitayin si Mary Jane:

| Username | Tweet | Hashtag | Petsa at Oras |
|---|---|---|---|
| NoOtherNicky | Dear President Widodo, I humbly ask you to please proceed with the execution now. You won't hear from me. I promise. | Wala | 1 Mayo 2015, 1:16 ng umaga |
| tinatabagpo | Ingrata man sila, but you're fucking heartless. (naka-quote ang naunang tweet ni NoOtherNicky) | Wala, pero nabanggit ang salitang "ingrata" | 1 Mayo 2015 12:51 ng hapon |
| NoOtherNicky | @tinatabagpo A drug mule is a drug mule. They are criminals, and not victims. FYI. #nuffsaid | #nuffsaid | 1 Mayo 2015, 2:02 ng hapon |
| tinatabagpo | @NoOtherNicky Do they deserve to die in a court far from their hometown? Even int'l courts are against death penalty. | Wala | 1 Mayo 2015, 9:41 ng gabi |
| NoOtherNicky | @tinatabagpo That's their law. If we do not follow our laws here, we should at least respect theirs. | Wala | 1 Mayo 2015, 11:49 ng gabi |
| tinatabagpo | @NoOtherNicky That's not absolute. Russia banned homosexuality and legalized their discrimination, can we still respect that law? | Wala | 2 Mayo 2015, 2:47 ng umaga |
| NoOtherNicky | @tinatabagpo It's like going to Saudi Arabia flashing your Bible of Rosary. May complain din kayo dun? | Wala | 2 Mayo 2015, 2:50 ng umaga |
| tinatabagpo | @NoOtherNicky I don't get your analogy, this isn't an issue of religion. Who's "kami", btw? | Wala | 2 Mayo 2015, 2:53 ng umaga |
| NoOtherNicky | @tinatabagpo It's the same. Come on. I'm giving an example of their law. I said kayo, kayong mga militonta. Este, militante pala. | Wala, pero ginamit ang salitang "militonta" | 2 Mayo 2015, 2:56 ng umaga |
| tinatabagpo | @NoOtherNicky Talk to me when you've read the ICJ case. I'm wasting my precious time and education on the likes of you. | Wala | 2 Mayo 2015, 2:58 ng umaga |
| MeilouSirena | @tinatabagpo @NoOtherNicky ahh okay. Youre getting somewhere. Suppose, Pemberton gets convicted. Surely president has power to pardon right? | Wala | 2 Mayo 2015, 3:07 ng umaga |
| NoOtherNicky | @MeilouSirena Never have a discussion with a #militonta. They wouldnt listen, and you wouldnt win. @tinatabagpo | #militonta | 2 Mayo 2015, 3:09 ng umaga |

Pigura 7. Twitter Exchange nina Nicky Cojuangco at Tabag Cristina mula 1 Mayo 2015, 1:16 ng umaga, hanggang 2 Mayo 2015, 3:09 ng umaga.

Mapapansing katulad ng sagutan sa *Twitter* nina Renz Christian Gluu™, ginagawan ng paraan para maibalik ang opisyal na hashtag sa usapan (sa kasong ito, ang "#militonta"). Mapapansin ding sumulpot si CJ Meilou Sirena sa huling bahagi ng palitan, patunay na may ilang *Twitter* users na aktibong nagbabantay sa mga *Twitter* conversation ng kanilang mga kasama at ng mga kadebate nito. Lumalahok din ang mga nasabing account sa palitan ng pahayag upang tumulong kung kinakailangan. At anuman ang debate, lagi't laging ibabalik ang usapan sa pagiging tonta ng mga militanteng grupo at ang mga tagasuporta nito, at dito na tatapusin ang debate. Sa kabilang banda, makikita rin sa usapan ang potensiyal na bawiin ang isang hashtag mula sa trolls na nagpapalaganap nito. Ganito ang naging kaso sa "pagbawi" ni Tabag Cristina sa salitang "ingrata" sa pamamagitan ng pagtatak naman niya kay Nicky Cojuangco ng "heartless."

Sa tulong ng social media analytics, ang pag-uugnay ay nagiging mas lantad. Kahit parang nalulusaw ang user na may mga bakas ng pagiging troll sa user na mas mailap ang mga nasabing bakas, sa tulong ng mga espesyal na instrumento gaya ng *Topsy*, nagiging madali ang pagtukoy sa mga unang banggit at sa kung kanino at paano naipapakalat ang isang paksa. Mas lumilinaw kung sino ang may intensiyon na sumunod sa paksa at sino ang may agresibo't malay na motibasyon para magpa-trend o magpakalat, kasama na ang linya ng pananaw na nais ipakalat. Halos lahat sa mga *Twitter* user na nagpalaganap ng #ingrata ay nag-uugnayan sa pamamagitan ng reposts at replies. Ang *Twitter* posts nina Nicky Cojuangco at CJ Meilou Sirena ay nakatampok sa Facebook page na *Ayoko na ng Traffic sa Cavite*, isang page na sinasabing lugar ito para sa pagpuna ng trapiko sa Cavite, pero mas madalas na naglalaman ng mga link at artikulong pumupuna sa mga kritiko ng administrasyong Aquino:




Pigura 8. Screen capture ng FB page na "Ayoko ng Traffic sa Cavite," kung saan naka-link si Twitter user Nicky Cojuangco.

May mga *Twitter* user na maagap sa pag-angkin at pagpapalaganap ng mga panibagong post na may panibagong hashtag, o kung hindi man hashtag ay puna o komentaryong nakalinya sa napasimulang trend, kaya nag-uugnayan sila sa pamamagitan ng retweets. Ang Twitter user na si The Chief Jester (TheChiefJester), ay agad na sinalo ni filipinas noong nagbigay-puna ang una at ihinambing ang mga militante sa teleserye:




Figura 9. Screen Capture ng FB page na "Ayoko ng Traffic sa Cavite," kung saan naka-link si Twitter user Meilou Sirena.





Figura 10. Sagutan nina The Chief Jester at filipinas.


Ang panibagong hashtag na #firingsquadforceliaveloso ay agad na na-retweet ni CJ Meilou Sirena at ng iba pang Twitter users na hindi gumagamit ng totoong pangalan at walang makikitang personal na larawan:

At gaya ng mga naulit nang nabanggit tungkol sa katangian ng trolls, ikinakabit ang isang hashtag papunta sa ibang mga hashtag, sa ibang mga isyu at personalidad (sa kasong ito, madalas ay para sa pagsira ng mga kontra-administrasyon), sa ibang mga pagkakataon. Makikita ito lalo noong inihanay sa *Topsy* ang #ingrata sa #firingsquadforceliavoloso at #militonta. Pinakamataas ang mga tweet tungkol sa #ingrata noong 30 Abril hanggang 1 Mayo, habang noong 17 Mayo naman, bagaman hindi na kasingtaas ng #ingrata, sinusubukang palaganapin ang #militonta ng isang *Twitter*




Figura 11. Screen capture ng isang Topsy search para sa #FiringSquadforCeliaVeloso, mula 20 Abril 2015 hanggang 20 Mayo 2015.

user na nagpalaganap din ng #ingrata. Muling susulpot ang paghahalo ng dalawang salita—ang "Makabayan" at "bayad"—upang mabuo ang "Makabayad bloc" na ikakabit ni Nicky Cojuangco sa pagiging walang bayag at sa #Militonta. Pinakamataas ang bilang sa paggamit ng #ingrata noong 30 Abril hanggang 1 Mayo, pagkatapos ng press briefing ng pamilya Veloso kasama ang grupong Migrante. Isa itong posibleng patunay na may grupo ng *Twitter* users na aktibong nagbabantay sa mga atake ng kritikong kontra-administrasyon, at aktibo ring gumagawa ng paraan para durugin ang mga kritikong ito, kahit pa ang nasabing mga kritiko'y walang kapasidad o yaman para bumuo ng sariling *Twitter* account at tumugon sa mga batikos, gaya ng sa kaso ng Pamilya Veloso.




Pigura 12. Screen capture ng tweet ni Sherry Garcia noong 1 Mayo 2015. May kasamang larawan ang tweet.

**Ang Trolling bilang Patuloy na Praktika at Ehersisyo sa Wika at Kapangyarihan**

Ginamit din ni Jim Paredes, isang popular na mang-aawit at aktibong tagasuporta ni Pangulong Aquino, ang hashtag na "ingrata" sa pamamagitan ng kaniyang pag-tweet ng "May bagong militanteng grupo! INGRATA!" noong 1 Mayo 2015. Madaling itayang ang pagpili ng salitang "ingrata" sa panahong iyon ay hindi aksidental kundi isang malay na desisyong sumuporta sa pagtuligsa sa Pamilya Veloso. Hindi man tahasang mapapatunayang may direktang ugnayan ang bayarang trolls sa mga personalidad gaya ni Paredes at ng iba pang *Twitter* users na nakiayon at nagpalaganap ng #ingrata, naging instrumento na sila sa paglaganap ng mga sentimiyentong mapanglihis at mapanghati. Nahawa na, kung ibabalangkas sa teorya ng stickiness at virality. Sa ganoong pagtingin, may bakas na ng tagumpay itong mga ahenteng tinatawag bilang Internet trolls, yellow trolls, government shills.

Noong 13 Disyembre 2015, 1:04 ng umaga, naglabas ng tweet si The Chief Jester (TheChiefJester), isang hashtag na nasa anyo ng pangungusap at may katangian ng pagiging meme tag, isang sub-kategorya ng tag hashtag (Shapp 5-6). Ang ideya ng meme tag ay imbitahan ang ibang users na magpuno o magdugtong ng kanilang sariling entry

at ikalat din ito nang may imbitasyon din sa iba na mag-ambag. Sa kaso ni The Chief Jester, inimbitahan niya ang mga nagbabasa sa kaniyang posts na "#ReplaceMovieTitleswithDQ," na isang posibleng patama sa naipataw na disqualification sa pagkandidato ni Grace Poe bilang pangulo sa Eleksiyon 2016. Agad niyang sinundan ang tweet na iyon ng kaniyang ambag sa panawagan, "Isang DQ ka lang #ReplaceMovieTitleswithDQ." Agad namang sumunod ang ilang *Twitter* users, at sa loob lamang ng ilang saglit ay naging laro-laro na lamang ang usapin ng paghaharap ng disqualification sa isang kandidato sa pagkapangulo.




Figura 14. Isang halimbawa ng meme tag, na ipinakalat ni The Chief Jester. Siya rin ang isa sa mga nagkalat ng hashtag na "ingrata."

Noong binalikan naman ang account ni filipinas sa parehong petsa, tadtad na ang timeline nito ng mga post na kinakampanya ang kandidatong si Mar Roxas—ang kandidatong ineendoso ng Pangulong Aquino para sa pangkapangulo sa Eleksiyon 2016—habang sinisiraan naman ang mga kakompetensiya ni Roxas na gaya nina Grace Poe at Rodrigo Duterte. Isa sa mga naging entry ni filipinas ay isang retweet mula kay jkb spoon (juke27), kung saan tinawag na "Dudirty!" si Duterte at ikinabit ito muli kay Binay:




Figura 15. Screen capture ng isang tweet na ni-repost o ni-retweet ni filipinas.

Ginagamit ang halina ng partisipasyon ng ibang *Twitter* users kasama ang kanilang alam sa popular na kultura upang gawing katatawanan ang isyu ng disqualification sa isang kandidato na kontra-administrasyon. Kung hindi inaaliw, iniliilihis naman ang atensiyon ng mga taong gumagamit ng Internet patungo sa ibang mga isyu at personalidad. May partisipasyon, may bakas ng spreadability, pero may potensiyal din sa pagdidikit ng kontaminasyon patungo sa isang pananaw kaugnay sa isang isyung politikal. Sa kabilang banda, gaya ng nagawa ng *Twitter* user na si Tabag Cristina, nagagamit ang hashtag at ang *Twitter* mismo para baliktarin ang orihinal na intensiyon ng nauna nang social media entries at bawiin ang kahulugan mula sa mga potensiyal na troll, kung malayang gumagamit sa kaniyang kakayahan para kumontra sa ikinakalat na kontaminasyon. Isang

halimbawa ang paggamit ni user Victarion Killjoy (@antondulce) ng #ingrata para i-link sa kaniyang tweet ang pananaw niya bilang isang cultural worker kaugnay ng kaso ni Mary Jane. Sa isinulat niyang artikulong "Celia Veloso, #ingrata, from a humanitarian aid worker's point of view" ay inilahad na napakahalaga sa isang manggagawang nasa ganitong linya ng gawain ang kritikal na pagtatasa sa sarili. Kailangan ding magkaroon ng pagsasaalang-alang sa kalagayan at pananaw ng mga sektor at taong naabuso ang mga karapatan. Nabanggit sa artikulo na ang pagsulong ng karapatang pantao ay hindi usapin ng utang na loob, kundi trabaho ng isang cultural aid worker.

May bentaha sa paggamit ng online social media analytics dahil sa pamamagitan ng angkop na computer-aided tool, nagkakaroon ng komprehensibong pag-uugat at paglalarawan ang mananaliksik sa katangian ng hashtag at sa pagsasanga-sanga nito, na maaaring lapatan ng pagbasa bilang trolling sa ilang piling pagkakataon. May mga pagkakataon halimbawa, na kahit nabura na ang tweets ay makikita at masusuri pa rin ito dahil kaya pa rin itong hanapin at hugutin ng mga nasabing tool. Pero may limitasyon din ang libreng social media analytics pagdating sa kalayaan at lawak ng features na maaaring magamit ng isang mananaliksik. Ang tool na *Keyhole*, halimbawa, ay walang kakayahang magbigay ng libreng customized search na naaayon sa tiyak na petsa. Ibig sabihin, kung masyadong luma na ang hashtags na nais suriin, hindi na ito kayang ibigay nang libre sa mananaliksik. Kung nais makakuha ng impormasyon kaugnay sa #ingrata mula 27 Abril hanggang 10 Mayo, kailangang magbayad ng USD259, o humigit-kumulang Php12,950. Ang estimate na ito ay nakuha sa pamamagitan ng e-mail noong 9 Hunyo 2015 pa. May posibilidad na mas mahal na ang sisingilin sa mananaliksik kung isasagawa ito sa kasalukuyan.

Samantala, ang *Topsy*, na nakapagbibigay ng pinakamaraming impormasyon kasama ang customized date search, ay nagsara na. Pinaghihinalaang dahilan ng pagkawala ng libreng serbisyo ang pagkakabili ng kompanyang *Apple* sa *Topsy* noong 2013. Ipinagpapalagay ng ilan ang hakbang na ito ng *Apple* bilang tangkang gamitin ang social media analytics ng *Topsy* para sa pansariling interes ng una (Russell). Kaya bukod sa paghanap ng angkop na kasangkapan para sa mga online na pagsusuring computer-aided, napakahalaga din sa isang mananaliksik ang magkaroon ng pulso para sa mga hashtag at isyung napapanahon. Kung may malay na pagtatasa ang mananaliksik sa mga isyung nagiging uso sa kaniyang lipunan, sa anyo man ng trending na hashtag o sa mainstream na media, mas madaling mahuhugot ang datos na maihahanay para sa pagsusuri. Sa kaso ng #ingrata, naisagawa ang pagkolekta ng datos noong Setyembre hanggang Disyembre 2015. Maaaring magkaroon ng mga suliranin ang mananaliksik na balikan ang datos sa kasalukuyan una dahil hindi na gumagana ang online tool na ginamit noon, at pangalawa naman ay dahil sa katangian ng *Twitter* mismo na maaaring magbura ng tweets, magpalit ng username, at gawing pribado ang mga tweet na dati'y bukas sa pagkonsumo ng publiko.

Anuman ang naging limitasyon, nagkaroon ng sapat na datos para bumuo ng larawan kaugnay ng trolling sa administrasyong Aquino. Sa kasalukuyan, may lumalabas nang mga artikulo mula sa mga taong umaamin bilang mga bayarang troll ng pamahalaan. Sa artikulong "Confessions of a troll," halimbawa, kinumpirma ng isang troll ang mga katangiang nabanggit sa mga naunang artikulo. Pagbuo ng mga pekeng account na mag-uulit-ulit sa pag-copy paste ng impormasyon, pag-iimbento ng mga pekeng balita, pakikipagtalo para maging sanhi ng paglihis sa isyu at pagkakahati-hati ng atensiyon at pagpanig ng mga tao, pagbabayad para magsulong ng adyenda—mga 2000 hanggang 3000 piso kada araw para sa mga baguhan—lahat sa ngalan ng pagsulong ng tinatawag nilang "DRUMS," o Disinformation, Rumors, Untruths, Myths and Smears (Caruncho). Ayon pa sa troll na nakapanayam sa artikulo, naarkila siya ng isang kandidato para sa pagkapangulo nitong Eleksiyon 2016, at nagpapayo siyang dapat maglaan ng pondo para sa trolls ang sinumang nais tumakbo sa pambansang halalan ng 2022.

May potensiyal sa matagumpay na spreadability ang *Twitter*, pero sa kaso ng #ingrata, nagiging malagkit at kontaminado ang social media platform dahil taglay na ng mismong salita ang bagahe ng akusasyon—na sina Mary Jane at ang pamilya niya ay walang utang na loob, na sila ang kalaban. Bagaman may puwang sa pagkontra ng ganitong pananaw, mga pagkontrang nahugot din ng *Topsy* sa pagsusuring isinagawa, sa kalakhan ay sumasang-ayon sa negatibong bagahe ng nasabing hashtag ang mga username na gumamit, tumugon at nagpalaganap nito. Isa itong panawagan ng higit na pag-iingat at pagsusuri sa panahong ang isang maliit na yunit ng wika gaya ng salitang "ingrate" ay maaaring sumabog patungo sa isang lihis na kampanyang naglalaro sa kawalan ng respeto, kabutihan at pasasalamat.

At sa huli, kung trolling man ang naganap sa kaso ng #ingrata at kay Mary Jane Veloso, hanggang sa anong potensiyal ng trolling naitulak ang social media event na ito? Kung sa antas ng panlilibak sa pagkatao ng mga Veloso, sa tangkang ilihis ang isyu mula sa kalagayan ng ilang mga Overseas Filipino Worker patungo sa isyu ng manipulasyon ng mga progresibong grupo, kung sa usapin ng paglalarawan sa isang pamilya bilang walang utang na loob, nagkaroon ng sapat na tagumpay ang mga *Twitter* user na gumamit at nagpalaganap ng #ingrata. Marami sa mga atake ay matapat sa mga nailatag na katangian ng isang troll. Pero kung isaalang-alang ang ugat ng trolling, kung hahanapin ang bakas ng mga pinakamarahas na katangian ng mga pinakaunang troll—ang sama-samang atake para ilantad ang pribadong impormasyon ng target sa puntong maaapektuhan ang online at offline na pag-iral nito—hindi ito makikita sa mga tweet na nakuha ng online tool. Maaari ngang isang hashtag lamang ito na nagkaroon ng sariling buhay at nagpalabas ng kolektibong kabaliwan ng ilang mga social media user sa anyo ng mga berbal na atake, o maaari ding may umiiral ngang troll army ang pamahalaan sa mga panahong ito pero hindi nakikita ang pangangailangang isiwalat ang pribadong impormasyon ng mga Veloso. Baka para sa kung sinumang namumuno ng nasabing troll army, maliit na isda lamang sina Mary Jane at ang kaniyang pamilya. Maaari itong basahin bilang pananaw ng mga may

kapangyarihan sa mga taong katulad ni Mary Jane—maliit, nakapupuwing pansamantala pero sa pangkalahatan ay hindi ganoon kahalaga. Maaaring nakareserba ang paglalantad ng pribadong impormasyon sa mga troll at personalidad ng kasunod na administrasyon. Hindi ba't sa administrasyon ni Duterte isinapubliko ang pribadong contact information ni Senadora Leila De Lima, impormasyong dapat sana ay nanatili lamang sa loob ng pulong sa House of Representatives (Ager)? Paano babasahin si Mocha Uson at ang marami niyang panawagan sa kaniyang mga Ka-DDS? Ito ay materyal at hamon para sa mga mananaliksik na nais pang magpatuloy sa pag-usisa sa wika at kultura ng trolling sa ating bansa.

## TALA

1 Ang paggamit ng social media analytics bilang pagsusuri ng corpus ng mga teksto ay naipakilala ni Dr. Ramon Guillermo sa isang klase sa pagsasalin.

## MGA SANGGUNIAN


Pangunahing Batis

*Ayoko na ng Traffic sa Cavite*. Facebook Page. Web.

CJ Meilou Sirena (MeilouSirena). "Tunog Ingrata ang nanay ni Mary Jane. Nasulsulan na ng Militonta." 30 Abril 2015, 8:24 p.m. Tweet.

---. "@tinatabagpo @NoOtherNicky ahh okay. Youre getting somewhere. Suppose, Pemberton gets convicted. Surely president has power to pardon right?" 2 Mayo 2015, 3:07 a.m. Tweet.

filipinas (v_vangogh)" @TheChiefJester:Militants are like teleseryes. Nakakabobo." -- wag k sasali dun... #ingrata." 1 Mayo 2015, 12:26 a.m. Tweet.

---."@itsrenzyboi@Xcus3m3@instantmaki edi mag magda drama uli...pinilit po kami sabihin iyun...wala kming magawa...#ingrata" 1 Mayo 2015, 12:29 a.m. Tweet.

Froilan Grate (GreenMinds). "Trending na ba ang #ingrata?" 1 Mayo 2015, 1:25 a.m. Tweet.

Gabrile (twitnigab) #FiringSquadForCeliaVeloso. 1 Mayo 2015 1:30 a.m. Tweet.

Jim (JimParedes). "May bagong militanteng grupo!INGRATA!" 1 Mayo 2015, 1:53 a.m. Tweet.

jkb spoon (juke27) "@cocoy @profmssyj bakit ni minsan hindi binanatan ni Dudirty! si Binay!" 13 Disyembre 2015, 5:06 p.m. Tweet.

MakiTM (instantmaki). "I don't get it why Veloso's family doesn't have the so called gratitude to our President telling that Pnoy didn't do anything to save MJ." 30 Abril 2015, 10:02 p.m. Tweet.

---. "@itsrenzyboi if it's not the President MJ's life wouldn't be spared. They should remember that the death penalty has been postponed :)" 30 Abril 2015, 10:09 p.m. Tweet.

---. "absolutely right what if the Pres didn't do such actions kasalanan pa rin niya ano ba talaga? #ingrata." 30 Abril 2015, 10:19 p.m. Tweet.

missjoverz (missjover) Baka magtrend ang #ingrata lol 30 Abril 2015, 10:49 p.m.

Nicky Cojuangco (NoOtherNicky) "#NanayVeloso #nakakawalanggana #ingrata #Militonta #migrante #ItuloyAngBitay." 30 Abril 2015, 11:51 p.m. Tweet.

---. "Dear President Widodo, I humbly ask you to please proceed with the execution now. You won't hear from me. I promise." 1 Mayo 2015, 1:16 a.m. Tweet.

---. "@tinatabagpo A drug mule is a drug mule. They are criminals, and not victims. FYI.#nuffsaid" 1 Mayo 2015, 2:02 p.m. Tweet.

---. "@tinatabagpo That's their law. If we do not follow our laws here, we should at least respect theirs." 1 Mayo 2015, 11:49 p.m. Tweet.

---. "@tinatabagpo It's like going to Saudi Arabia flashing your Bible of Rosary. May complain din kayo dun?" 2 Mayo 2015, 2:50 a.m. Tweet.

---. "@tinatabagpo It's the same. Come on. I'm giving an example of their law. I said kayo, kayong mga militonta. Este, militante pala." 2 Mayo 2015, 2:56 a.m. Tweet.

---. "@MeilouSirena Never have a discussion with a #militonta. They wouldnt listen, and you wouldnt win. @tinatabagpo."2 Mayo 2015, 3:09a.am. Tweet.

Renz Christian (itsrenzyboi) Seriously, the tirade of #MaryJane's family against PNOY was dumbfounded. PNOY did not even claim any credit for it! #ingrata #kapalmuks 30 Abril 2015 7:28 p.m.

---. "@instantmaki i cannot agree more." 30 Abril 2015, 10:03 p.m. Tweet.

---. "@instantmaki yup..sana naisip nila that they still need the Presidentm ingrata." 30 Abril 2015, 10:13p.m. Tweet.

Sherry Garcia (sherry04081988)"So ungrateful!! Pwede bang yung nanay nlng ni MJ yung eFiring squad? Kainis!! #ingrata #FiringSquadForCeliaVeloso." 1 Mayo 2015, 8:25 p.m. Tweet.

Tabag Cristina (tinatabagpo). "Ingrata man sila, but you're fucking heartless." 1 Mayo 2015, 12:51 p.m.

---. "@NoOtherNicky Do they deserve to die in a court far from their hometown? Even int'l courts are against death penalty." 1 Mayo 2015, 9:41 p.m. Tweet.

---."@NoOtherNicky That's not absolute. Russia banned homosexuality and legalized their discrimination, can we still respect that law?"2 Mayo 2015, 2:47a.m. Tweet.

---. "@NoOtherNicky I don't get your analogy, this isn't an issue of religion. Who's "kami", btw?" 2 Mayo 2015, 2:53 a.m. Tweet.

---. "@NoOtherNicky Talk to me when you've read the ICJ case. I'm wastingmy precious time and education on the likes of you." 2 Mayo 2015, 2:58 a.m. Tweet.

Teresita T Reyes (TeresitaTReyes). "@ itsrenzyboi @mgviterbo Paano sinulsulan ng mga MILITANTENG gustong kumuha ng kredito!"30 Abril 2015, 11:07 p.m. Tweet.

---. "#ingrata." 1 Mayo 2015, 12:26 a.m. Tweet.

---. "#ingrata si Celia." 1 Mayo 2015, 12:26 a.m. Tweet.

---. "#ingrata ang mga Veloso." 1 Mayo 2015, 12:26 a.m. Tweet.

The Chief Jester (TheChiefJester) . "Militants are like teleseryes. Nakakabobo." 1 Mayo 2015, 12:20 a.m. Tweet.

---. "#ReplaceMovieTitleswithDQ,"13 Disyembre 2015, 1:04 a.m. Tweet.

Victaron Killjoy (antondulce). "Celia Veloso, #ingrata, from a humanitarian aid worker's point of view." 1 May 2015, 9:17 p.m. Tweet.

Sekundaryang Batis

Ager, Maila. "De Lima condemns disclosure of her cell-phone number, home address." *Inquirer.net*. 20 September 2016. Web.

Caruncho, Eric S. "Confessions of a troll." *Inquirer.net*. 28 August 2016. Web.

Coleman, Gabriella. *Hacker, Hoaxer, Whistleblower, Spy: The Many Faces of Anonymous* London: Verso Books, 2014. Print.

Corrales, Nestor. "Veloso mom denies Aquino gov't role in Mary Jane's execution reprieve." *Inquirer.net*. 1 May 2015. Web.

Cruz, RG. "Palace accused of paying for 'cyber trolls'" *ABS-CBN.com*. 9 September 2015. Web.

Dulce, Anton. "Celia Veloso, #ingrata, from a humanitarian aid worker's point of view." *novam vitam a viginti octo*. 1 May 2015. Web.

"DFA barred us from talking to media early, Mary Jane's sister says." *GMA News Online*. 29 April 2015. Web.

Garcia-Almario. "From games to social media: The evolution of trolls." *ABS-CBN News*. 20 January 2017. Web.

Hess, Amanda. "Is All of Twitter Fair Game for Journalists?" *Slate*. 19 March 2014. Web.

Inquirer.net. "Netizens tag Veloso family ungrateful for slamming Aquino gov't." *Philippine Daily Inquirer*, 1 May 2015. Web.

Inquirer Social Media. "Netizens: #Firing squad for Celia Veloso." *Philippine Daily Inquirer*. 2 May 2015. Web.

Jenkins, Henry, Sam Ford and Joshua Green, ed. *Spreadable Media: Creating Value and Meaning in a Networked Culture*. New York: New York University Press, 2013.

Keyhole."Historical data for #ingrata."Message to Vladimeir B. Gonzales. 9 June 2015. E-mail.

Macas, Tisha. "INTERACTIVE TIMELINE: DFA, Migrante on Mary Jane Veloso's journey to death row." *GMA News Online*. 5 May 2015. Web.

Priego, Ernesto. "Twitter as Public Evidence and the Ethics of Twitter Research." *Ernesto Priego – Everything is Connected*.27 May 2014. Web.

Quijano,Ilang-ilang."#FiringSquadforCeliaVeloso: New low for PH journalism." *Pinoy Weekly*. 3 May 2015. Web.

Russell, Jon. "Topsy, The Popular Social Analytics Service Bought By Apple, Closes Down." *Tech Crunch*. 15 December 2015. Web.

Shapp, Allison. Variation in the Use of Twitter Hashtags. Qualifying Paper in Sociology. New York University, 2014. PDF.

"The Latest From The Aquino Crew And His Trolls." *The Stagnant Filipino*. 5 May 2015. Web.

Tupaz, Voltaire. "How the viral petition to save Mary Jane Veloso reached Jokowi. " *Rappler*. 30 Abril 2015.Web.